# Pagninilay sa Simbahang Katoliko sa Pilipinas, Part 2

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Fr. Jerome Marquez, SVD
Pebrero 4, 2023

Bilang pagtugon sa panawagan ng Santo Papa, ang *Catholic Bishop's Conference* ay nagpaliwanag na ang konteksto ng ***Synodality*** sa simbahan ng Pilipinas ay pabilisin ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lahat ng sector ng lipunan. Ang Synodal ay "paglalakbay kasama ang Diyos" na may hangaring hanapin ang mga taong nasa laylayan ng lipunan, mga maliliit, mga nawawala at mga napapabayaan. Hangad ng simbahan na walang maiwan lalo na ang mga nasa sektor na hindi pumapasok sa simbahan - ang mga walang simbahan o hindi nagsisimba.

**1. Ano ang sitwasyon sa Simbahan ngayon?**

1.1. Ang mga gawain at mga *fund raising* sa simbahan ay nakatuon sa pagpapaganda ng gusali. Gayunpaman, ito ang mga sandaling nagpapahiwatig na lumabas tayo sa bakuran ng simbahan upang mapakinggan ang mga daing ng mga tao at maging misyonaryo.

1.2. Ang mga kabataan ay hindi na pumapasok sa simbahan. Naiinip sila sa misa; walang nagturo ng Katesismo sa nakalipas na 2 taon dahil sa kawalan ng badget; wala ng puwang ang relihiyon sa pampublikong paaralan.

**2. Ang Simbahan ay Buhay**. Sinabi ni Cardinal Advincula na buhay ang simbahan sa kanyang homiliya sa Synodal na Konsultasyon. Ang Banal na Espiritu ay kumikilos sa loob ng simbahan. Maraming magagandang nangyayari sa loob ng simbahan: mga tapat na naglilingkod, mga layko, mga ministeryo, na ang apoy ng paglilingkod ay nag-aalab.

**3. Ang Hamon**: Ayon sa konsultasyon sa iba't - ibang sektor, napagkaisahan na "hindi kilala ng mahihirap ang simbahan, at hindi rin kilala ng simbahan ang mahihirap." Ang sabi ng mahihirap ang simbahan ay malayo sa kanilang buhay. Ang salita, ang sakramento at ang aksyon ay hindi magkakatugma o magkakaugnay.

4**. Ang Minungkahing Solusyon/Proseso: TUMINGIN. MAKINIG. MAG-ISIP. MAGMAHAL.** Ipagpapatuloy ng simbahan ang pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mga sumusunod na proseso:

**4.1. TUMINGIN**: Kung gusto nating magbago, dapat magsimula sa atin. Anumang pagpapaganda ang gawin sa labas, ang tunay na nasa loob ang nakikita. Kailangang madama natin ang pagmamahal ng Diyos para madama rin ang grasya Niya sa atin. Sa ating relasyon sa Diyos, maaari na tayong magsimulang makilakbay sa kapwa tungo sa pagbabago.

**4.2. MAKINIG AT PAG-ISIPANG MABUTI**: Kailangan nating makinig sa mga taong nasa laylayan ng lipunan - ang mga watak-watak na pamilya, solo/hiwalay na magulang, PWDs, LGBTQ, OFW, bilanggo at iba pa. Kailangan nating maging sensitibo sa kanilang damdamin.

**4.3. PAG-IBIG**: Kailangan nating magka-isa sa pagmamahal sa kapwa. Mangako na tumulad kay Kristo. Lagi Siyang naroon sa bawat sitwasyon ng mga taong nakabukod. Paano tayo magpapakita ng pagmamahal sa kapwa?

4.3.1. Ibalik natin ang maliliit na grupo na nag-aaral ng Salita ng Diyos at magbahagi.

4.3.2. Magsalita at maki-alam sa mga usapin sa lipunan: kapaligiran/kalikasan, paggalang ng buhay.

4.3.3. Ipalaganap ang ating pananampalataya. Itaas natin at palakasin ang mga *transparochial* na programa sa mga kabataan hanggang sa pagtanda.

4.4. Makipagtulungan tayo sa iba na may katulad na alalahanin sa pamamagitan ng *inter-religious* na usapin. Habang nirerespeto natin ang bawat paniniwala at pagkakaiba, pag-usapan natin ang mga magkakatulad nating hangarin.

**Konklusyon:** Ang Synodal ay naghihikayat ng pakikipagtagpo at paggawa ng lugar para magkaroon ng ugnayan. Ang konteksto ng Synodal sa Pilipinas ay hanapin ang mahihirap, ang naliligaw at ang napapabayaan!

**Pagninilay:**

1. Sino ang dadalhin natin sa Heritage? Kasama ba ang mga mahihirap sa kawan?
2. Ang ating pagpuri at pagsamba ba sa Diyos ay naaayon sa ating ikinikilos?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:#Ebanghelyo#Synodal